**Human Early Learning Partnership (HELP)**
*University of British Columbia*
440-2206 East Mall Vancouver
BC Canada V6T 1Z3
www.earlylearning.ubc.ca

**Programa ng Pananaliksik sa Early Child Development: Early Development Instrument (EDI) Informed Passive Consent na Sulat para sa Magulang/Tagapag-alaga**

**Pangunahing Imbestigador:** Dr. Mariana Brussoni, mbrussoni@bcchr.ubc.ca, Human Early Learning Partnership (HELP), University of British Columbia (UBC)
**Kapwa Imbestigador:** Dr. Barry Forer, HELP, UBC
**Kapwa Imbestigador:** Dr. Martin Guhn, HELP, UBC
**Contact sa Project:** Marit Gilbert, edi@help.ubc.ca, (604) 827-5504

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Sa Pebrero, kukumpletuhin ng mga Kindergarten teacher sa school ng inyong anak ang **Early Development Instrument (EDI)** para sa mga bata sa kanilang classroom. Kasama sa EDI ang mga tanong tungkol sa sosyal at emosyonal na pag-debelop, kalusugan at kagalingan, wika at cognitive na pag-debelop, at kakayahan sa komunikasyon ng mga bata. Pinondohan na ng Gobyerno ng British Columbia (BC) ang pagkolekta at paggamit ng EDI nang mahigit 20 taon.

### SA ISANG SULYAP

- Kukumpletuhin ng Kindergarten teacher ng inyong anak ang EDI para sa bawat isa sa kanilang mga estudyante sa Pebrero, maliban kung hihilingin ninyo na hindi na lumahok ang inyong anak;
- Tinutulungan kami ng EDI na maunawaan ang mga trend sa pag-debelop ng mga bata sa lebel ng pangkat, tulad ng sa neighbourhood o sa school district;
- Ang EDI questionnaire at higit pang impormasyon ay makukuha sa: https://earlylearning.ubc.ca/monitoring-system/edi/parent-caregiver-info/ .

### Ano ang layunin ng project?

Ang purpose ng project na ito ay para ma-improve ang understanding ng mga influence sa development ng mga bata sa buong BC at sa paglipas ng panahon. Ang impormasyon mula sa EDI ay napatunayan na na mahalaga para sa mga school, mga professional sa kalusugan, mga early years service provider, mga komunidad at mga gobyerno para sa pagpaplano ng mga programa at mga suporta para sa mga bata at mga pamilya.

### Ano ang mangyayari?

Bago kumpletuhin ang questionnaire, ang mga teacher ay kinakailangang mag-training sa kung paano kumpletuhin ang EDI. Sasagot ang teacher ng mga tanong tungkol sa limang area ng pag-debelop: 1) pisikal na kalusugan at kagalingan; 2) sosyal na kakayahan; 3) emosyonal na maturity; 4) wika at cognitive na pag-debelop; at 5) pangkalahatang kaalaman at kakayahan sa komunikasyon. Walang direktang paglahok ang inyong anak sa pagkumpleto ng EDI questionnaire.

### Boluntaryo ang paglahok

Boluntaryo ang paglahok sa EDI project. Kung ayaw ninyong kumpletuhin ng teacher ng inyong anak ang EDI sa ngalan ng inyong anak, mangyaring isauli ang nakalakip na form sa teacher o principal ng inyong anak sa loob ng 4 na linggo mula sa pagtanggap ng sulat na ito. Maaari ring ninyong i-email ang project team ng EDI sa HELP (edi@help.ubc.ca) para tanggalin ang inyong anak. Kapag naisama na ang datos sa mga report, hindi na mababawi ang mga ito. Ang paglahok o di-paglahok sa EDI ay hindi makakaapekto sa mga grade ng inyong anak. Hindi nito maaapektuhan ang mga serbisyo na natatanggap ng inyong pamilya mula sa school o school district.

### Paano pinoprotekhan, iniimbak at ginagamit ang datos ng aming anak?

Ang mga sagot ng teacher sa mga EDI na tanong ay **pribado at kumpidensyal.** Walang idinaragdag na impormasyon sa school record ng inyong anak mula sa EDI questionnaire. Ang inyong anak at ang school ng inyong anak ay hindi kilalanin sa mga pananaliksik na publikasyon o sa mga pampublikong dokumento.

Para padaliin ang tumpak na pagkumpleto ng mga EDI questionnaire, ang inyong school district ay magbibigay ng impormasyon sa HELP/UBC tungkol sa inyong anak, kabilang ang kanilang pangalan, Personal Education Number, petsa ng kapanganakan, kasarian, postal code at kung sila ay First Nations, Métis or Inuit. Ang karagdagang impormasyon, kabilang kung sila ay may kapansanan o kakaibang kakayahan, o kung sila ay Nag-aaral ng Wikang Ingles, o nasa French Immersion na programa, ay ibinabahagi para sa pananaliksik at pag-report na mga layunin. Ang pangalan ng inyong anak ay gagamitin lang upang makumpleto ng teacher ang questionnaire. Tatanggalin ang mga pangalan mula sa EDI na data set kapag nakumpleto na ang EDI questionnaire. Ang personal na impormasyon ay nakaimbak nang hiwalay sa mga sagot ng teacher sa EDI questionnaire para maprotektahan ang pagkapribado ng inyong anak. Ang EDI na datos ay iimbakin sa isang secure na environment.

Ang EDI na datos ay magagamit lang para sa mga aprubadong pananaliksik na project **sa ilalim ng mga Federal at Provincial/Territorial na batas sa pagkapribado.** Ang mga mananaliksik ay maaaring mag-apply para sa pahintulot para gamitin ang EDI na datos para sa pananaliksik o istatistiko na mga layunin. Ang mga aprubadong mananaliksik ay bibigyan ng access sa datos na hindi maikonekta sa sinumang indibiduwal na estudyante.

Ang EDI na datos ng inyong anak ay maaaring i-link sa ibang datos upang matutunan ang mga factor na nag-iimpluwensiya sa kagalingan, kalusugan, at tagumpay sa school ng mga bata. Maaaring kabilang sa ibang datos ang impormasyon sa edukasyon at kalusugan. Ang naka-link na datos **ay maaari *lang* gamitin para sa pananaliksik o istatistiko na mga layunin sa ilalim ng isang aprubadong Kasunduan sa Pananaliksik, o para sa pagpaplano ng programa, ebalwasyon, o pananaliksik na mga layunin sa pamamagitan ng isang Kasunduan sa Pagbabahagi ng Impormasyon.**

Bilang ang may-hawak ng lisensiya ng EDI, ang Offord Centre for Child Studies sa McMaster University ay tatanggap ng kopya ng EDI na datos, postal code, kasarian, at buwan ng kapanganakan ng inyong anak para paganahin ang aprubadong pambansang pananaliksik.

Ang data ng anak mo ay ibinabahagi rin sa BC Ministries of Government and Health Authority para sa pagsusuri, pagpaplano, pananaliksik, o istatistikal na layunin ng programa. Ang data na ibinahagi sa Ministries and Health Authorities ay maaaring ma-link sa iba pang data set at pagkatapos ay alisin ang pagkakakilanlan bago i-access at gamitin para sa pagsusuri, alinsunod sa Kasunduan sa Pagbabahagi ng Impormasyon na nakatalaga. Maaari lang maganap ang pag-report sa lebel ng pangkat. Ang higit pang impormasyon ay makukuha sa: https://earlylearning.ubc.ca/about/privacy-and-ethics/. Para sa mga tanong na nauugnay sa pagkapribado ng datos ng inyong anak, mangyaring kontakin ang Opisyal sa Pagkapribado ng HELP sa privacy@help.ubc.ca.

### Mga EDI Report

Ang mga report ng school ay direktang ibinibigay sa mga school district at mga school, at hindi ibinabahagi sa publiko. Nagbibigay ang HELP ng mga pampublikong report sa komunidad at mga neighbourhood na mapa ng datos para suportahan ang paggawa ng desisyon para sa pagpapabuti ng mga polisiya, programa, at serbisyo para sa mga bata at mga pamilya. Itong mga report at mapa ay makukuha sa: https://earlylearning.ubc.ca/reports/.

### Datos at Mga Report sa Katutubo

Kinikilala ng HELP at nirerespeto na ang First Nations, Métis, at Inuit, mga komunidad at mga pamahalaan ay may karapatang i-access ang lahat ng data na kinolekta para sa mga anak nila. Ang HELP, sa pamamagitan ng guidance ng Aboriginal Steering Committee, ay nagtatag ng isang protokol para suportahan ang mga gobyerno ng First Nations, Métis at Inuit at mga organisasyong pinamumunuan ng mga Katutubo gamit ang datos at mga report para sa mga Katutubong bata. Ang HELP ay nag-rereport lang ng EDI na datos para sa Mga Katutubong Tao sa pamamagitan ng guidance at stewardship ng Aboriginal Steering Committee.

### Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa project?

Para sa karagdagang information, pumunta sa website ng HELP sa www.earlylearning.ubc.ca/edi. Kung mayroon kang anumang tanong o concerns, paki-contact si Marit Gilbert, Project Contact, gamit ang email sa edi@help.ubc.ca o sa telepono sa 604-827-5504 o toll free 1-888-908-4050. Maaari mo ring kontakin ang pangunahing imbestigador sa email na ibinigay sa ibaba.

Kung mayroon kayong anumang mga alalahanin o reklamo tungkol sa mga karapatan ng inyong anak bilang isang kalahok sa pananaliksik, mangyaring kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics ng University of British Columbia sa 604-822-8598, o kung long-distance, mag-e-mail sa RSIL@ors.ubc.ca o tumawag nang libre sa 1-877-822-8598.

Sumasainyo,

Direktor, Human Early Learning Partnership
University of British Columbia
mbrussoni@bcchr.ubc.ca

✂ ------------------------------------------------------------ ✂ ------------------------------------------------------------ ✂

## Kung gusto ninyong tanggalin ang datos ng inyong anak, mangyaring lagdaan at isauli ang seksiyong ito sa teacher ng inyong anak.

Mangyaring isauli ang form na ito sa teacher ng classroom bago ang kung **AYAW** ninyong lumahok ang inyong anak.

☐ **Hindi** ako pumapayag na lumahok ang aking anak na si [PANGALAN] ________________ sa Early Development Instrument (EDI) questionnaire na gaganap sa Pebrero.

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga ________________ Petsa: ______________________

School: ______________________________________ Teacher: ______________________